HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO NA GINANAP NOONG PEBRERO 9, 2018 SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

**MGA DUMALO:**

| | |
|---|---|
| Kgg. Ramon G. Magbanua | Regular na Tagapangulo |
| Kgg. Dexter R. Gonzales | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Dennes M. Faner | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edezer F. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. German S. Acosta | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Guillermo G. Salas, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Elpidio N. Contreras, Jr. | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Edwin C. Aceron | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | Sangguniang Bayan Member |
| Kgg. Enrico C. Villas | Pangulo, Liga ng mga Barangay |
| Kgg. Tulay M. Caring | IP's Mandatory Representative |

**HINDI NAKADALO:**

W A L A

x-------------------------------------------------------x

## KAPASYAHAN BLG. 18-02-028

**KAPASYAHANG PAGPAPAHAYAG NG TAUS-PUSONG PAKIKIRAMAY AT PAKIKIPAGDALAMHATI NG PAMAHALAANG BAYAN NG BULALACAO, ORIENTAL MINDORO SA PAGYAO NG DATING KONSEHAL NG BAYAN, G. IGNACIO SILANG**

**"SAPAGKAT,** si G. Ignacio Silang, dating Konsehal ng Bayan ng Bulalacao ay sumakabilang buhay na noong Pebrero 5, 2018 sanhi ng malubhang sakit;

**"SAPAGKAT,** si Ka Igna na siyang karaniwang itinatawag sa kanya ay naging kasapi ng Pambansang Himpilan ng Pulisya ng mahabang panahon at sa kagustuhang makapaglingkod sa kanyang bayan, siya ay nagpatuloy sa larangan ng serbisyo publiko bilang konsehal simula Setyembre 10, 1986 hanggang taong 1988;

**"SAPAGKAT,** ang naging buhay ni Ka Igna ay maituturing na simple ngunit makabuluhan sa kabila ng kanyang kapintasan at pagiging tao lamang subalit, ito ay nakikitaan pa rin ng kabutihan at pagmamalasakit sa kapwa at sa bayan noong ipinundar niya ang Baby Shiela na bumibiyahe sa balikang rutang Bulalacao-Calapan na nagbigay ng ginhawa at kaalwanan sa kanyang mga kababayan;

**"SAPAGKAT,** ang kanyang paglisan sa mundo ay nagdulot ng pighati at kalungkutan sa kanyang pamilya, kamag-anak at kaibigan subalit, ito ay hindi katapusan bagkus, isang panibagong buhay sa piling ng Poong Maykapal na siyang lumikha ng lahat; **KUNG KAYAT DAHIL DITO . . .**

Scanned with CamScanner

**PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA; NA:** Magpahayag ng taus-pusong pakikiramay at pakikipagdalamhati ng Pamahalaang Bayan ng Bulalacao, Oriental Mindoro sa pagyao ng dating Konsehal ng Bayan, Ignacio Silang;

**SA MUNGKAHI** ni SB Member Dexter R. Gonzales, at pinangalawahan nina SB Member Elpidio N. Contreras, Jr. at SB Member DEnnes M. Faner, ang kapasyahang ito ay…

**PINAGTIBAY**": Pebrero 9, 2018, Bulalacao, Oriental Mindoro.

x------------------------------------------------------------------x

**KGG. DEXTER R. GONZALES**
SB Member

**KGG. DENNES M. FANER**
SB Member

**KGG. GERMAN S. ACOSTA**
SB Member

**KGG. EDEZER F. ACERON**
SB Member

**KGG. GUILLERMO G. SALAS, JR.**
SB Member

**KGG. ELPIDIO N. CONTRERAS, JR.**
SB Member

**KGG. EDWIN C. ACERON**
SB Member

**KGG. TERESITA S. BANTUGAN**
SB Member

**KGG. ENRICO C. VILLAS**
Pangulo, Liga ng mga Barangay

**KGG. TULAY M. CARING**
IP's Mandatory Representative

**NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:**

**PERLITA L. PAZ**
Kalihim ng Sanggunian

**SINAKSIHAN:**

**KGG. RAMON G. MAGBANUA**
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng Pulong

**PINAGTIBAY:**

**KGG. ERNILO C. VILLAS**
Punong Bayan
Petsa ng Nilagdaan: 02-9-2018

/PLP/jpc

Scanned with CamScanner